# Kabanata 16

## Sa kabanatang ito:


Bakit Seryosong Problema sa Kababaihan ang mga INP........262
- Paano malaman kung nasa panganib na magka-INP................263
- Ano'ng gagawin kung may palatandaan ng INP....................263

Paggamit ng Gamot para sa INP..............................264

Abnormal na Discharge..................................265

Mga Tumutubo (Kulugo) sa Ari..............................269

Pagsusugat (Sores) sa Ari..................................270

Kumplikasyon ng INP......................................274
- Pelvic Inflammatory Disease (PID)..........................274

Iba Pang mga INP........................................277
- HIV/AIDS (HIV, Acquired Immune Deficiency Syndrome)............277
- Hepatitis B (madilaw na mata)............................277

Paano Bubuti ang Pakiramdam................................278


Pagkilos para sa Pagbabago..................................279


## Paano gamitin ang kabanatang ito:

Nilalarawan sa kabanatang ito ang ilan sa pinakakaraniwang mga INP (impeksyon na naihahawa sa pagtatalik), at pinapaliwanag kung paano lunasan at iwasan. Nilalarawan din ang ilang impeksyon sa ari na karaniwan, pero hindi naihahawa sa pagtatalik.

Minumungkahi rin ng kabanatang ito ang maraming sari-saring gamot na panlunas sa mga INP. Bago ka gumamit ng anumang medisina, basahin muna kung paano ligtas na gumamit ng mga ito sa kabanatang "Paggamit ng mga Gamot sa Kalusugan ng Kababaihan" (tingnan ang p. 469). May impormasyon din na dapat mong malaman tungkol sa bawat gamot na nakalista sa "Berdeng Pahina" (tingnan ang p. 485).

# Impeksyon na Naihahawa sa Pagtatalik at iba pang Impeksyon sa Ari




Ang mga impeksyon na naihahawa sa pagtatalik, o INP, ay *impeksyon* na naipapasa mula sa isang tao papunta sa iba habang nakikipagtalik. Puwedeng magdulot ng INP ang anumang klase ng pagtatalik. Puwedeng *titi* sa *puwerta* na pagtatalik, o titi sa *puwit*, o bibig sa *ari* (bibig sa titi, bibig sa puwerta). Minsan, naipapasa ang INP kahit sa pagkuskos o pagdampi lang ng may impeksyong titi o puwerta sa ari ng ibang tao. Puwedeng maipasa ang INP mula sa buntis na babae papunta sa kanyang sanggol, bago manganak o habang nanganganak.

Kung hindi gagamutin nang maaga, puwedeng magdulot ang mga INP ng:

- *pagkabaog* kapwa sa lalaki at babae.
- sanggol na sobrang aga, sobrang liit, o bulag kung ipanganak.
- pagbubuntis sa tubo o sa labas ng matris (*ectopic*).
- pagkamatay mula sa matinding impeksyon.
- matagalang pananakit sa puson.
- *kanser* sa *cervix*.

**➡ Maiiwasan ang maraming seryosong problema kung maagang magpapagamot ng INP ang magpartner.**

**➡ Makakatulong din ang kabanatang ito sa paglunas sa ilang mga problema sa ari na hindi sa pagtatalik nakukuha.**


## Bakit Seryosong Problema sa Kababaihan ang mga INP

Puwedeng magka-INP kapwa ang mga lalaki at babae. **Pero mas madaling maimpeksyon ang babae mula sa lalaki, kaysa maimpeksyon ang lalaki mula sa babae.** Pumapasok kasi ang titi ng lalaki sa parte ng katawan ng babae—tulad ng puwerta, bibig o puwit—habang nakikipagtalik. Kung walang condom, maiiwan sa loob ang *tamod* ng lalaki, na maaaring may impeksyon. Dahil dito, mas malaki ang tsansa na maimpeksyon ang babae sa *matris*, *tubo* at *obaryo*. Kung may mga sugat-sugat sa ari o pangangati mula sa impeksyon ang babae, mas madali siyang mahawahan ng *HIV*.

➡ **Walang palatandaan ang higit sa kalahati ng lahat ng babaeng may INP.**


Mas mahirap makita ang palatandaan ng INP sa babae kaysa sa lalaki dahil sa babae, nasa loob ng katawan ang karamihan ng INP. Kaya madalas mas mahirap malaman kung may impeksyon ang babae sa ari—at lalong mahirap tukuyin kung ano ang impeksyon niya.

### *Bakit maraming babae ang nagkaka-INP?*



**sekswal na kalusugan, 181**
**pag-uusap tungkol sa mas ligtas na pagtatalik, 192**


Puwedeng mahirap sa babae na protektahan ang sarili mula sa INP. Madalas, kailangan niyang makipagtalik tuwing gusto ng kapartner. Maaaring hindi niya alam kung may ibang katalik ang partner niya, o kung may INP ito. Kung may ibang katalik ang lalaki na may INP, maaaring mahawahan ang kanyang asawa.




**Maaaring hindi makumbinse ng babae na gumamit ng condom ang partner niya.** Latex na condom ang pinakamahusay na proteksyon sa magpartner, pero dapat bukas sa paggamit ang lalaki (tingnan ang p. 193).

Maaring meron kang INP kung meron kang isa o higit pa sa mga senyales na ito:

- di karaniwan o mabahong discharge
- pangangati ng ari
- masakit na ari
- sugat o butlig sa ari
- pananakit ng puson o masakit na pakikipagtalik



**Napipinsala rin ng mga INP ang kalalakihan**

Kapag hindi nagamot, puwedeng magdulot ang INP sa lalaki ng:

- pagkabaog.
- matagalang pananakit.
- kamatayan mula sa AIDS o iba pang seryosong impeksyon.

## PAANO MALAMAN KUNG NASA PANGANIB NA MAGKA-INP

Kahit na walang palatandaan, maaaring nasa panganib ka (mas malaki ang tsansa na magka-INP) kung:



- may palatandaan ng INP ang kapartner mo. Malamang naipasa niya ito sa iyo, kahit wala kang palatandaan.
- may higit sa isa kang kapartner. Mas marami ang kapartner mo, mas malaki ang tsansa na may isa sa kanila na nagpasa ng INP sa iyo.
- may bago kang kapartner sa nakaraang 3 buwan. Maaaring may iba siyang kapartner bago sa iyo na may INP.
- sa tingin mo may ibang katalik ang partner mo (halimbawa kung nakatira siya nang malayo sa bahay ninyo). Ibig sabihin, mas mataas ang tsansang maimpeksyon siya ng INP at maipasa sa iyo.

## ANO'NG GAGAWIN KUNG MAY PALATANDAAN NG INP O NASA PANGANIB NA MAGKA-INP

Kung may palatandaan ka ng INP o tingin mo ay nasa panganib kang mahawa, simulan mo kaagad ang paglunas. Kaya lang, ang mga test para sa INP ay wala sa maraming lugar, maaaring mahal, at hindi palaging tama ang resulta.

- **Gamutin agad ang impeksyon.** Kung may mga palatandaan ka na nasa kabanatang ito, sundin ang nakasaad na paggamot.
- **Huwag hintaying lumala ang sakit.** Proteksyon sa iyo ang maagang paggamot para hindi magbunga sa huli ng mas seryosong problema, at makakapigil na kumalat ang impeksyon sa iba.
- **Magpa-testing kung mayroon nito.** Puwedeng may impeksyon ka pero walang palatandaan.
- **Tulungan ang iyong kapartner na sumabay sa iyo sa pagpapagamot.** Kung hindi, papasahan ka niya uli ng impeksyon kapag nagtalik kayo.
- **Ugaliin ang mas ligtas na pagtatalik.** Puwede kang magkaroon uli ng INP o HIV/AIDS kung hindi mo poprotektahan ang sarili (tingnan ang p. 189).
- **Sikaping matesting para sa HIV.** Madalas magkasabay na may INP at HIV (tingnan sa p. 286).
- **Bilhin at gamitin ang lahat ng gamot ayon sa rekomendasyon dito.** Kahit mawala na ang mga palatandaan, hindi ka gagaling kung hindi bibigyan ng tamang haba ng paggana ang gamot.



Kung hindi mawawala ang palatandaan matapos gamitin ang lahat ng gamot, magpatingin sa health worker. Puwedeng iba ang sanhi ng pananakit at discharge, halimbawa kanser.

**➡ Ang kakulangan ng mura at eksaktong test para sa mga INP ang isa sa malalaking problema ng kababaihan. Tumutungo ito sa paggamit nila ng gamot na hindi kailangan, mahal, at may side effects.**


## Paggamit ng Gamot para sa INP

➨ **May mga babalang nilagay sa kabanatang ito kung hindi dapat gamitin ang isang gamot ng babaeng buntis o nagpapasuso. Kung walang babala ang gamot, ligtas itong gamitin.**

➨ **Bago gumamit ng anumang medisina, basahin muna ito sa mga "Berdeng Pahina." May dagdag na impormasyon doon na dapat mong malaman.**

➨ **Kung hindi ka tiyak kung anong gamot ang pinakamainam para sa isang problema, sikaping kumonsulta sa isang health worker o pharmacist na nakakaalam sa impormasyong ito.**

Sa kabanatang ito, nagrekomenda kami ng mga gamot para sa iba't ibang INP. Tandaan na sa karamihan ng tao, sabay-sabay ang pagkapit ng higit sa isang klase ng impeksyon, kaya madalas kailangan gumamit ng higit sa isang gamot. Anumang gamot ang piliin mo, tiyakin na tama ang paggamit.



Iba't ibang klase ng gamot ang binebenta sa iba't ibang bahagi ng mundo, at maaaring magkakaiba ang presyo. Dahil dito, puwedeng may mga gamot na wala sa inyong lugar, o may kapalit na gamot na mas mabisa at mas mura.

Maaaring kailangan mo rin ng ibang gamot kapag:

- buntis ka o nagpapasuso, at hindi ligtas gamitin ang gamot sa panahong ito.
- may *resistensya* na sa gamot ang INP na gustong lunasan.
- may allergy ka sa gamot. May allergy ang ibang tao sa gamot tulad ng penicillin o sulpha antibiotics. Tingnan ang pahina 480 kung paano magpalit ng mga antibiotics.

### 'RESISTENSYA SA GAMOT' AT MGA MEDISINA PARA SA INP


Sa paggamit ng antibiotics para lunasan ang mga INP, HIV/AIDS at iba pang sakit, napakahalagang ubusin ang lahat ng gamot. Kung hindi gagamit ng sapat na tamang gamot—o hihinto bago matapos ang takdang gamutan—hindi napapatay ang lahat ng mikrobyong sanhi ng impeksyon. Natitira at dumarami ang pinakamalakas na mikrobyo, kaya tumutubo ang mas malakas na klase ng sakit. Kaya nawawalan ng bisa ang gamot na dati'y tumatalab. Ito ang 'resistensya sa gamot.'

Kaya sa maraming lugar, may resistensya na ang gonorrhea (tulo) sa mga gamot na karaniwang panlaban dito. Tanungin ang health worker kung may resistensya sa gamot sa inyong lugar, at anong gamot sa lokalidad ang pinakamahusay na panlaban sa INP.

### *Tiyaking tama ang paggamit ng gamot*

Tandaan, kapag naggagamot ng INP, palaging:

- tiyaking magamot din ang kapartner mo.
- ubusin ang lahat ng gamot.
- huminto muna o mag-condom sa pagtatalik hangga't hindi nawawala ang mga palatandaan mo AT habang hindi pa nauubos ninyong magpartner ang lahat ng gamot.
- magpatingin sa isang health worker kung hindi bumuti pagkatapos ng takdang gamutan.
- ugaliin ang mas ligtas na pagtatalik kapag nagsimula muli nito.



# Abnormal na Discharge

Normal lang na magkaroon ng kaunting discharge o pamamasa na galing sa puwerta. Ito ang paraan ng puwerta para linisin ang sarili. Nagbabago ang dami ng discharge kasunod ng takbo ng buwanang siklo. Sa panahong mabunga, mas basa at madulas ito at malinaw ang kulay. Kung buntis ka, maaaring mas maraming discharge.

Minsan, impeksyon ang sanhi ng pagbabago sa dami, kulay o amoy ng discharge. Pero mahirap malaman mula sa discharge kung anong klaseng impeksyon mayroon ka.

## KARANIWANG SANHI NG ABNORMAL NA DISCHARGE

Ang abnormal na discharge ay maaaring palatandaan ng yeast infection o bacterial vaginosis, na hindi naihahawa sa pagtatalik; o palatandaan ng trichomonas, gonorrhea (tulo) at chlamydia, na pawang naihahawa sa pagtatalik. Para sa iba pang palatandaan ng ganitong impeksyon at kung paano gamutin, tingnan ang p. 266–268.

MAHALAGA ***Kung may discharge ka mula sa puwerta at pananakit sa puson, maaaring mayroon kang malubhang pelvic infection. Magpagamot kaagad! Tingnan ang pahina 274.***



Maaaring mangahulugan ng impeksyon ang pagbabago sa amoy o kulay ng iyong discharge.

## *Yeast (candida, puting discharge, thrush)*

Hindi naihahawa sa pagtatalik ang yeast. Hindi ito nagdudulot ng kumplikasyon. Malamang magkaroon ka ng ganitong impeksyon kapag buntis, umiinom ng *antibiotics*, o may ibang sakit tulad ng *diabetes* o HIV/AIDS.


**Palatandaan**:

- maputi, buo-buong discharge na parang kulta ng gatas o yogurt
- matingkad na pulang balat sa labas at loob ng puwerta na dumudugo minsan
- masyadong makati sa loob o labas ng puwerta
- mahapdi kapag umiihi
- may amoy na parang amag o panluto ng tinapay

**Pangangati ng Ari**

Maraming posibleng sanhi ang pangangati ng ari. Puwedeng mula sa yeast o trichomonas ang pangangati sa paligid ng bukana ng puwerta. Maaaring mula sa scabies (galis-aso) o lisa ang pangangati sa bulbol o sa malapit sa ari. Magagamot ang scabies at lisa ng mga lokal na panlunas o ng gamot na nasa karamihan ng mga botika. Para sa dagdag na impormasyon, tingnan ang ***Where There Is No Doctor***, o ibang pangkalahatang librong medikal.

Bunga ng mga sabon o deodorant na may lamang pabango ang ilang pangangati. Puwedeng dulot rin ito ng mga halamang ginagamit na panghugas ng puwerta. Subukan kung mawawala ang pangangati kapag tubig lang ang ginamit sa paghuhugas.



**Panglunas**

Hindi delikado ang yeast at madalas magagamot ito ng mga natural na paraan. Mabisang gamutin ang buntis bago manganak dahil puwedeng mahawa ng thrush ang sanggol (tingnan sa p.117)

Isang natural na paraan ay ang paghalo ng 3 kutsarang suka sa 1 litrong pinakulo at pinalamig na tubig. Ibabad dito ang isang piraso ng malinis na bulak at ipasok sa puwerta tuwing gabi sa 3 gabi. Tanggaling ang bulak tuwing umaga.



## *Gamot para sa Yeast na Impeksyon*

Ibabad ang malinis na piraso ng bulak sa 1% gentian violet. Ipasok ang bulak sa loob ng puwerta gabi-gabi sa loob ng 3 gabi. Tanggalin tuwing umaga. **O kaya**, gumamit ng alinman sa sumusunod:

| Gamot | Gaano karami | Kailan at paano gagamitin |
|---|---|---|
| miconazole . . . . . . . | 1 insert, 200 mg . . . . . . | ipasok nang malalim sa puwerta, gabi-gabi, 3 gabi |
| **o kaya** nystatin . . . | 1 insert, 100,000 units . | ipasok nang malalim sa puwerta, gabi-gabi, 14 gabi |
| **o kaya** clotrimazole | dalawang 100 mg insert | ipasok sa puwerta, gabi-gabi, 3 gabi |

**Pag-iwas:**

Mahahanginan ang ari kung magsusuot ng maluwang na damit at panloob na cotton, sa halip na nylon o polyester. Makakatulong itong pigilan ang pagtubo ng yeast. Dalasan ang paglaba o pagpalit ng panloob. Huwag sabunan ang loob ng ari. Huwag mag-douche.

## *Bacterial vaginosis*

Hindi naihahawa sa pagtatalik ang bacterial vaginosis. Kung buntis ka, maaaring maging sanhi ito ng sobrang agang panganganak.

**Palatandaan:**

- mas maraming discharge kaysa karaniwan
- amoy isda, laluna pagkatapos magtalik
- bahagyang pangangati

**Kung WALA KA SA PANGANIB na magka-INP**

## *Gamot sa Discharge: para sa Bacterial Vaginosis*

Para malaman kung wala ka sa panganib na magka-INP, tingnan ang p. 263.

| Gamot | Gaano karami | Kailan at paano gagamitin |
|---|---|---|
| metronidazole. . . . . . . | 400 – 500 mg. . . . . . . . . . | iinumin, 2 bawat araw sa loob ng 7 araw |
| **o kaya** metronidazole | 2 grams (2,000 mg) . . . . . | iinumin, isahang dose lang |
| **(iwasan ang metronidazole sa unang 3 buwan ng pagbubuntis)** | | |
| **o kaya** clindamycin . . | 300 mg . . . . . . . . . . . . . . . | iinumin, 2 bawat araw sa loob ng 7 araw |
| **o kaya** clindamycin . . | 5 grams ng 2% cream . . . (1 buong applicator) | malalim sa loob ng puwerta sa pagtulog, sa loob ng 7 araw |

Gamutin din ang partner ng babae ng 2 grams metronidazole, iinumin, isang beses lang.

MAHALAGA ***Huwag uminom ng alak/alkohol habang gumagamit ka ng metronidazole.***

## *Trichomonas*

Hindi delikadong impeksyon ang trichomonas, pero puwedeng maging miserable ka sa pangangati. Madalas walang palatandaan ang lalaki, pero daladala pa rin niya ang sakit sa kanyang titi at maipapasa ito sa iba sa pakikipagtalik.

**Palatandaan:**

- kulay abo o dilaw at mabula na discharge
- mabahong discharge
- mapula at makati na ari at puwerta
- masakit o mahapdi kapag umihi

## *Gonorrhea (tulo, VD, clap) at chlamydia*

Parehong seryosong sakit ang gonorrhea at chlamydia. Pero madali itong mapapagaling kung maagang gagamutin. Kung hindi, puwede itong magdulot ng matinding impeksyon at pagkabaog sa babae at lalaki.

Sa lalaki, madalas nagsisimula ang palatandaan mga 2–5 araw matapos makipagtalik sa taong may impeksyon. Pero puwedeng walang palatandaan ang lalaki kahit may impeksyon. Sa babae, puwedeng umabot ng ilang linggo o kahit buwan bago magsimula ang palatandaan. Kahit na wala kang palatandaan, puwede ka pa ring magpasa ng gonorrhea at chlamydia sa ibang tao.

**Pareho ang mga palatandaan ng gonorrhea at chlamydia, kaya pinakamahusay na magpagamot sa dalawa kung kakayanin.**

**Palatandaan sa babae:**

- kulay dilaw o berde na discharge mula sa puwerta o *puwit*
- masakit o mahapding pag-ihi
- *lagnat*
- pananakit sa puson
- pananakit o pagdurugo habang nakikipagtalik
- o walang anumang palatandaan



**Palatandaan sa lalaki:**

- discharge mula sa titi
- masakit o mahapdi na pag-ihi
- pananakit o pamamaga ng bayag
- o walang anumang palatandaan



| Kung sa tingin mo ay MAY PANGANIB KA na magka-INP<br>*Gamot sa Discharge: para sa Gonorrhea, Chlamydia, Trichomonas* | | |
|---|---|---|
| **Nagagamot din ang Bacterial Vaginosis**<br>Para malaman kung may panganib ka na magka-INP, tingnan ang p. 263. | | |
| **Gamot** | **Gaano karami** | **Kailan at paano gagamitin** |
| cefixime | 400 mg | iinumin, isahang dose lang |
| **o kaya** ciprofloxacin | 500 mg | iinumin, isahang dose lang |
| **(huwag gumamit ng ciprofloxacin kung buntis o nagpapasuso)** | | |
| **o kaya** ceftriaxone | 125 mg | iniksyon sa kalamnan, isahang dose |
| **o kaya** spectinomycin | 2 grams (2,000 mg) | iniksyon sa kalamnan, isahang dose |
| **AT** | | |
| azithromycin | 1 gram (1,000 mg) | iinumin, isahang dose |
| **o kaya** erythromycin | 500 mg | iinumin, 4 na beses bawat araw sa 7 araw |
| **o kaya** amoxycillin | 500 mg | iinumin, 3 beses bawat araw sa 7 araw |
| **o kaya** doxycycline | 100 mg | iinumin, 2 beses bawat araw sa 7 araw |
| **(huwag gumamit ng doxycycline kung buntis o nagpapasuso)** | | |
| **o kaya** tetracycline | 500 mg | iinumin, 4 na beses bawat araw sa 7 araw |
| **(huwag gumamit ng tetracycline kung buntis o nagpapasuso)** | | |
| **AT** | | |
| metronidazole | 400 – 500 mg. | iinumin, 2 beses bawat araw sa 7 araw |
| | **o kaya** 2 grams (2,000 mg) | iinumin, isahang dose |
| **(iwasan ang metronidazole sa unang 3 buwan ng pagbubuntis; sa halip, clindamycin AT tinidazole ang gamitin)** | | |
| **O KAYA** | | |
| clindamycin | 300 mg | iinumin, 2 beses bawat araw sa 7 araw |
| | **o kaya** 5 grams 2% cream (isang buong applicator) | sa loob ng puwerta sa pagtulog, 7 araw |
| **at** tinidazole | 2 grams (2,000 mg) | iinumin, isahang dose |
| | **o kaya** 500 mg | iinumin, 2 beses bawat araw sa 5 araw |
| Gamutin din ang kapartner ng parehong mga medisina.<br><br>**MAHALAGA:** ***Huwag uminom ng alak/alkohol habang gumagamit ng metronidazole o tinidazole.*** | | |


# Mga Tumutubo (Kulugo) sa Ari

Ang kulugo ay dulot ng *virus*. Ang kulugo sa ari ay kamukha ng kulugo sa ibang bahagi ng katawan. Puwedeng magkaroon ng kulugo sa ari na hindi nalalaman, laluna kung nasa loob ng puwerta o sa loob ng dulo ng titi. Maaaring mawala lang ang mga kulugo kahit hindi ginagamot, pero puwedeng matagal bago mangyari. Madalas patuloy itong lumalala at dapat gamutin.


**Palatandaan:**

- pangangati
- maliit, hindi masakit, medyo maputi o kulay tsokolate na butlig na magaspang ang ibabaw.

Sa lalaki, madalas tumubo ito sa ibabaw ng titi (o sa loob nang kaunti), sa balot ng bayag, o sa puwit.



Sa babae, madalas tumutubo ang mga butlig na ito sa mga tiklop ng *vulva*, sa loob ng puwerta, at sa palibot ng puwit.



**MAHALAGA** ***Maaaring palatandaan ng syphilis ang malaki, patag (flat) at namamasa na tumutubo na mukhang kulugo (tingnan ang susunod na pahina). Sikaping ma-testing para sa syphilis, at HUWAG gamitin ang sumusunod na panlunas.***

➨ Dapat mag-condom ang partner mo hanggang sa pareho kayong mawalan ng kulugo.

**Panlunas:**

1. Lagyan ng petroleum gel o iba pang malangis na ointment ang balat sa paligid ng bawat kulugo para proteksyon sa malusog na balat.
2. Gamit ang maliit na patpat o toothpick, maingat na lagyan ng maliit na maliit na patak ng trichloroacetic acid (TCA) hanggang sa mamuti ang kulugo. Puwede ka ring gumamit ng bichloracetic acid (BCA).

   O KAYA

   Lagyan ng 20% podophyllin solution sa parehong pamamaraan hanggang magkulay tsokolate ang kulugo. **Dapat hugasan para maalis ang podophyllin pagkalipas ng 6 na oras.** Huwag gumamit ng podophyllin kung buntis ka.

➨ Mas mabilis tumubo ang kulugo habang nagbubuntis ka. Kung marami, maaaring magdu-lot ng problema sa panganganak. Makipag-usap sa isang health worker tungkol dito.

Kung gumagana ang panlunas, mapapalitan ng masakit na sugat o sira sa balat ang kulugo. Panatilihing malinis at tuyo ang sugat. Umiwas sa pagtatalik hangga't meron pa. Kung hindi makaiwas, mag-condom. Asahang maghilom ang mga sugat sa loob ng 1 o 2 linggo. Matyagan ang mga ito at tiyaking hindi ma-impeksyon.

Madalas kailangan ng ilang gamutan bago matanggal ang lahat ng kulugo (balewala kung anuman ang gamiting solusyon). Puwede mong ulitin ang panlunas matapos ang isang linggo. Iwasang malagyan ng asido ang sugat na dating may kulugo. Kung sobra ang iritasyon, patagalin nang kaunti bago ang susunod na gamutan.

# Pagsusugat (Sores) sa Ari

➨ **Kung nagkaroon ka na ng bukas na pagsusugat sa iyong ari na hindi nagamot, sikaping magpatest-ing ng dugo para sa syphilis. May libreng programa ang ilang bansa para rito.**


## PANGKARANIWANG MGA PAGSUSUGAT SA ARI

Naihahawa sa pagtatalik ang karamihan ng mga pagsusugat o *ulser* sa ari. Maaaring mahirap malaman kung anong sakit ang sanhi ng mga pagsusugat dahil madalas magkamukha yung mula sa syphilis at chancroid. Kaya pinakamabuti na mga gamot para sa dalawang INP na ito ang ibigay kung pagsusugat sa ari ang nilulunasan (tingnan ang kahon sa p. 271)

### *Syphilis*

Isang malubhang INP ang syphilis. May mga epekto ito sa buong katawan at puwedeng tumagal ng ilang taon. Dulot ito ng *bacteria* na masusugpo ng gamot kung lulunasan kaagad.

**Palatandaan:**




- Unang palatandaan nito ang isang maliit, **hindi masakit** na sugat na puwedeng mukhang *taghiyawat*, patag (flat) at namamasang kulugo, o bukas na pagsusugat. Tumatagal ng ilang araw o linggo ang sugat at pagkatapos kusang nawawala. Pero patuloy na kumakalat sa buong katawan ang sakit.
- Pagkaraan ng ilang linggo o buwan, maaaring magkaroon ka ng namamagang lalamunan, lagnat, pamamantal o rashes (laluna sa palad at talampakan), sugat o singaw sa bibig, o namamagang *kasukasuan*. Sa panahong ito, maaari kang makahawa ng iba.

➨ **Kung buntis ka, sikaping magpa-testing ng dugo para sa syphilis.**

Kusang nawawala ang lahat ng palatandaang ito, pero patuloy ang sakit. Kapag walang panlunas, maaaring magdulot ang syphilis ng sakit sa puso, *pagkaparalisa*, sakit sa isip, at maging kamatayan.

**Pagbubuntis at syphilis.** Puwedeng magpasa ng syphilis ang buntis na babae sa isisilang na sanggol. Maaaring magdulot ito ng pagsilang na sobrang aga, may kapansanan, o patay. Mapipigilan ito ng pagpatesting ng dugo at pagpapagamot habang buntis. Kung makita sa test na may syphilis ang babaeng buntis at kapartner niya, dapat pareho silang gamutin ng benzathine penicillin, 2.4 million Units, iiniiksyon (IM), minsan bawat linggo sa loob ng 3 linggo.

## *Chancroid*




Isang INP na dulot ng bacteria ang chancroid. Masusugpo ito ng gamot kung maagang lulunasan.

**Palatandaan:**

- isa o higit pang malambot, **masakit** na sugat o ulser sa ari o puwit na madaling dumugo
- namamaga at masakit na kulani (*lymph nodes*) malapit sa ari
- sinat (mababang lagnat)

### *Gamot para sa Pagsusugat sa Ari*

Panlunas kapwa sa syphilis at chancroid ang mga gamot na ito. Kailangan mong pumili ng isa sa mga gamot sa ibabaw na kahon para sa syphilis AT isa sa mga gamot sa ilalim na kahon para sa chancroid para matiyak na epektibo ang panglunas.

| Gamot | Gaano karami | Kailan at paano gagamitin |
|---|---|---|
| benzathine penicillin. . | 2.4 million Units . . . . . . . . | iniksyon sa kalamnan, isang beses lang |
| **o kaya** doxycycline . . | 100 mg . . . . . . . . . . . . . . . | iinumin, 2 beses bawat araw sa 14 na araw |
| **(huwag gumamit ng doxycycline kung buntis o nagpapasuso)** | | |
| **o kaya** tetracycline . . | 500 mg . . . . . . . . . . . . . . . | iinumin, 4 na beses bawat araw sa 14 na araw |
| **(huwag gumamit ng tetracycline kung buntis o nagpapasuso)** | | |
| **o kaya** erythromycin | 500 mg . . . . . . . . . . . . . . . | iinumin, 4 na beses bawat araw sa 15 araw |
| **(gamitin lang ang erythromycin kung buntis o nagpapasuso at allergic sa penicillin)** | | |
| **AT** | | |
| azithromycin . . . . . . . . | 1 gram (1,000 mg). . . . . . . | iinumin, isang beses lang |
| **o kaya** ciprofloxacin. . | 500 mg . . . . . . . . . . . . . . . | iinumin, 2 beses bawat araw sa 3 araw |
| **(huwag gumamit ng ciprofloxacin kung buntis o nagpapasuso o mas bata sa 16)** | | |
| **o kaya** erythromycin | 500 mg . . . . . . . . . . . . . . . | iinumin, 4 na beses bawat araw sa 7 araw |
| **o kaya** ceftriaxone. . . | 250 mg . . . . . . . . . . . . . . . | iniksyon sa kalamnan, isang beses lang |

Dapat panatilihing malinis ang mga sugat o ulser sa ari. Hugasan ito araw-araw ng sabon at tubig, at maingat na patuyuin. Huwag ipagamit sa iba ang tuwalya o telang ginagamit mo para patuyuin ang sarili.

**MAHALAGA** ***Madaling makadaan ang HIV, ang virus na sanhi ng AIDS, sa sugat sa ari habang nakikipagtalik. Para tumulong na makaiwas sa pagkalat ng HIV, huwag makipagtalik kung mayroon kang pagsusugat, o kung mayroon ang partner mo.***

Ang taong may AIDS ay puwedeng magkaroon ng herpes sa buong katawan na higit na mas matagal bago mawala.


## *Herpes sa ari*

Virus ang sanhi ng herpes sa ari. Nagbubunga ito ng mga sugat o singaw sa ari o bibig na lumalabas at nawawala sa loob ng ilang buwan o taon. Wala pang gamot na nakakapagaling sa herpes, pero may panlunas para mas bumuti ang pakiramdam mo.

Hindi naihahawa sa pagtatalik ang lahat ng singaw ng herpes sa bibig. Madalas magkaroon ang mga bata't matanda ng singaw sa bibig na dulot ng ibang herpes virus kapag may sipon o lagnat.

**Palatandaan:**

- makati, masakit o parang may tumutusok na pakiramdam sa palibot ng ari o sa binti
- maliliit na paltos na pumuputok at nagiging masakit at bukas na sugat sa ari



Sa unang beses na magka-sugat ng herpes, tumatagal ito nang 3 linggo o higit. Puwede kang magka-lagnat, sakit ng ulo, pananakit ng katawan, pangangatog at namamagang kulani sa palibot ng ari. Mas mahina ang susunod na impeksyon.



**Pagbubuntis at herpes.** Maaaring magpasa ng sakit sa sanggol ang isang buntis na babaeng may herpes at may mga sugat sa panahon ng panganganak. Puwede itong magdulot ng mapanganib na mga problema sa bata. Sikaping sa ospital manganak. Baka makapag-opera sila para maisilang ang sanggol, o magbigay sa bata ng ispesyal na mga gamot pagkapanganak nito.

**Panlunas para sa herpes sa ari:**


Para makatulong na bumuti ang pakiramdam mo:

- Magbalot ng yelo sa malinis na tela. Idikit ito direkta sa sugat nang 20 minuto sa sandaling maramdaman mo ang sugat.
- Gumawa ng *pantapal* (*compress*) sa pamamagitan ng pagbabad ng tela sa malinis na tubig na may itim na tsaa, at paglapat nito sa sugat
- Umupo sa palanggana o batya na may malinis at malamig na tubig.



Puwedeng mapaige ang pakiramdam mo ng compress o pantapal sa mga sugat sa ari.

- Maghalo ng tubig at baking soda o corn starch hanggang maging malagkit, at ipahid ito sa mga sugat.
- Kung pabalik-balik ang mga palatandaan, subukan ang gamot na acylclovir. Kahit hindi nito mapapawi ang herpes, makakatulong ito sa pananakit at sa mas mabilis na pagkawala ng mga palatandaan.
- Puwede mo ring subukan ang mga mungkahi sa pahina 278.




acyclovir



MAHALAGA

- ***Hugasan ang iyong kamay ng sabon at tubig matapos humawak sa sugat.***
- **Ingatan na huwag hipuin ang mata mo o ng iyong mga anak.** ***Napakaseryoso ng herpes na impeksyon sa mata.***
- ***Iwasang makipagtalik sa panahong may sugat ka mula sa herpes. Madali mong maipapasa ang herpes sa iyong katalik.***


# Kumpli-kasyon ng INP


## PELVIC INFLAMMATORY DISEASE (PID)

Pelvic Inflammatory Disease o PID ang tawag sa impeksyon sa alinman sa mga bahaging reproduktibo sa bandang puson ng babae. Tinatawag din itong 'impeksyon sa gawing balakang' (pelvic infection).

Maaaring mangyari ang PID kung nagka-INP na hindi nagamot, laluna gonorrhea o chlamydia. Puwede rin itong mangyari kung bago lang nanganak, *nakunan,* nagpalaglag o nagpakabit ng IUD.

Dumadaan ang mikrobyong sanhi ng PID paakyat mula sa puwerta, papasok sa cervix, at papunta sa matris, tubo at obaryo. Kung hindi maagap na magamot ang impeksyon, puwede itong magdulot ng matagalang (*chronic*) pananakit, malubhang pagkakasakit, o kamatayan. Maaaring mag-iwan ng *peklat* ang impeksyon sa mga tubo na makakapagdulot ng pagkabaog o pagbubuntis sa labas ng matris (tubal o ectopic pregnancy).



iba pang mga sanhi ng pananakit sa puson

➡Hindi palaging masakit ang PID.

**Palatandaan (maaaring may isa o ilan sa mga ito):**

- pananakit sa puson
- mataas na lagnat
- masamang-masama at mahinang-mahina ang pakiramdam mo
- kulay berde o dilaw na mabahong discharge mula sa puwerta
- pananakit o pagdurugo habang nakikipagtalik



Gamutin kaagad ang impeksyon sa gawing balakang (PID).

➡ Para maiwasan ang PID, palaging gamutin nang tama ang mga INP. Tiyaking:

- maubos ang lahat ng gamot.
- malunasan din ang kapartner.
- tumigil muna sa pagtatalik hangga't hindi nauubos ng magpartner ang lahat ng gamot at nawawala ang mga palatandaan.

**Panlunas:**

Gamitin agad ang mga gamot sa susunod na pahina. Kung hindi aayos ang pakiramdam mo pagkatapos ng 2 araw at 2 gabi (48 oras); o kung masamang masama ang pakiramdam mo at may mataas na lagnat o pagsusuka; o kung buntis ka, bago lang nagpalaglag o nanganak; **pumunta agad sa health center o ospital.** Maaaring kailangan mo ng matapang na gamot sa suwero (IV).

## *Gamot para sa PID (Pelvic Inflammatory Disease)*

Madalas galing sa halo-halong mikrobyo ang ganitong impeksyon, kaya dapat lampas sa isang gamot ang gamitin para mapagaling.


| Gamot | Gaano karami | Kailan at paano gagamitin |
|---|---|---|
| cefixime | 400 mg | iinumin, isahang dose lang |
| **o kaya** ciprofloxacin | 500 mg | iinumin, isahang dose lang |
| **(huwag gumamit ng ciprofloxacin kung buntis o nagpapasuso)** | | |
| **o kaya** ceftriaxone | 250 mg | iiniksyon sa kalamnan, isahang dose lang |
| **o kaya** spectinomycin | 2 grams (2,000 mg) | iiniksyon sa kalamnan, isahang dose lang |
| **AT** | | |
| doxycycline | 100 mg | iinumin, 2 beses bawat araw sa 14 araw |
| **(huwag gumamit ng doxycycline kung buntis o nagpapasuso)** | | |
| **o kaya** tetracycline | 500 mg | iinumin, 4 na beses bawat araw sa 14 araw |
| **(huwag gumamit ng tetracycline kung buntis o nagpapasuso)** | | |
| **AT** | | |
| metronidazole | 400 – 500 mg. | iinumin, 2 beses bawat araw sa 14 araw |
| **(iwasan ang metronidazole sa unang 3 buwan ng pagbubuntis)** | | |

Gamutin din ang kapartner ng mga medisina sa kahon ng MAY PANGANIB NA MAGKA-INP sa p. 268.

**MAHALAGA:** ***Huwag uminom ng alak/alkohol habang gumagamit ng metronidazole.***

Nagtuturo ang asawa ko sa iskwelahan sa isang bayan na malayo sa aming baryo. Umuuwi lang siya nang ilang beses bawat taon para bumisita. Matapos ang isa sa mga bisita niya, nagkasakit ako nang malubha, may lagnat at matinding sakit sa puson. Hindi ko alam kung ano'ng dahilan ng sakit ko.... Sinubukan ko ang mga gamot ng albularyo, pero walang tumalab. Ayaw kong umalis ng baryo para magpatulong dahil ayaw kong iwan ang mga anak ko, at wala rin naman akong pera. Sa tindi ng sakit, akala ng mga kapitbahay ay mamamatay na ako. Kaya sinakay nila ako ng truck at hinatid sa pinakamalapit na ospital, mga 90 milya ang layo.

Sabi ng doktor sa ospital, may gonorrhea daw ako, at nagdulot daw ito ng masamang impeksyon sa looban ng aking puson. Sabi niya, kailangan ko raw ng mahal na operasyon at maraming araw ng gamutan para gumaling. Malamang daw, hindi na ako magkakaanak. Sana'y nakagamit agad ako ng tamang gamot sa simula pa lang ng aking sakit!



— Central African Republic

**Makakapigil ng mga kumplikasyon ang maagang pag-gamot sa mga INP.**


Bukod sa PID, may iba pang mga problema na madudulot ng INP sa babae. Kung hindi nagamot, mas malaki ang risgo ng babaeng may INP na mabaog (tingnan ang p. 229) at magka-ectopic pregnancy (tingnan ang p. 73). Puwede ring magdulot ang INP ng:

## PAMAMAGA NG PUWERTA (BARTHOLIN GLAND INFECTION)

Sa bahagyang looban ng puwerta, may 2 maliit na tiklop ng balat na ‘glandula’ ang tawag. Gumagawa ito ng likido na tumutulong para manatiling basa ang puwerta. Napapasok ito minsan ng mikrobyo, at naiimpeksyon ang isa o dalawang glandula.

**Palatandaan:**

- Namamaga, mainit, masakit na tiklop ng balat sa puwerta na mas maitim ang kulay. Madalas sa isang tabi lang ito nangyayari.
- Minsan may pamamaga na hindi masakit.




Hindi palaging INP ang sanhi nito, pero madalas mangyari ito kung may gonorrhea o chlamydia ang babae.

**Panlunas:**

1. Magbabad ng tela sa malinis at mainit na tubig at ilapat ito sa pamamaga. Huwag sobrang init na nakakapaso na. Gawin ito sa pinakamadalas na makakaya, hanggang bumuka ang impeksyon at lumabas ang *nana*, o hanggang sa mawala ang pamamaga.
2. Kailangan ding gumamit kayong magpartner ng gamot para sa gonorrhea at chlamydia. Tingnan ang chart sa pahina 268.
3. Kung masakit ang impeksyon at maga pa rin, magpatulong sa isang may kasanayang health worker na puwedeng magbukas nito para mapalabas ang nana.

## MGA PROBLEMA SA BAGONG SILANG NA SANGGOL



pangangalaga ng mata

Maaaring magpasa ng sakit sa sanggol ang mga babaeng may gonorrhea (tulo) o chlamydia habang nanganganak. Naiimpeksyon ang mata ng sanggol ng gonorrhea (neonatal conjunctivitis) na maaaring makabulag. Para maiwasan ang neonatal conjunctivitis, lagyan kaagad ng antibiotic ointment ang mata ng bata pagkasilang. Puwede ring magdulot ng *pulmonya* sa mga bagong silang na sanggol ang chlamydia.



## HIV/AIDS (HIV, ACQUIRED IMMUNE DEFICIENCY SYNDROME)

Ang AIDS ay isang sakit na naipapasa sa pagtatalik ng isang virus na HIV ang tawag. Kumakalat ito kapag ang dugo, likido mula sa puwerta, o tamod ng taong may HIV ay makapasok sa katawan ng ibang tao.

Mas madaling mapasahan ng HIV sa pagtatalik ang babae kaysa sa lalaki. **Puwede kang mahawa ng HIV sa isang taong malusog na malusog ang hitsura.**

Walang panlunas na nakakapagaling, pero may panlunas na kayang magpahaba at magpabuti ng buhay ng taong may HIV. Ugaliin ang mas ligtas na pagtatalik para maiwasan ang pagkalat ng HIV at pangalagaan ang sarili at iba. Kung sa palagay mo ay nakipagtalik ka na walang proteksyon sa taong may HIV, tingnan ang pahina 518.

## HEPATITIS B (MADILAW NA MATA)

Ang hepatitis B ay mapanganib na impeksyong dulot ng virus na pumipinsala sa *atay*. Naikakalat ito kapag ang dugo, laway, likido mula sa puwerta, o tamod ng taong may virus na ay makapasok sa katawan ng ibang tao. Madali itong kumalat mula sa isang tao papunta sa iba, laluna sa pakikipagtalik.

**Palatandaan**:

- lagnat
- walang ganang kumain
- pagod at nanghihina ang pakiramdam
- madilaw na mata at/o balat
- pananakit sa tiyan
- madilim ang kulay ng ihi, at namumuti ang dumi
- walang anumang palatandaan



**Panlunas**:


Walang gamot na makakatulong. Maaari pa ngang madagdagan ang pinsala sa atay kung iinom ng gamot.

Karamihan ng tao ay umiige mula sa pagkakasakit ng hepatitis B. May maliit na bilang ng tao na nagkakaproblema nang tuloy-tuloy sa atay, kasama na ang kanser. Magpahinga hangga't maaari, at tiyakin na madaling tunawin ang kinakain. **Huwag uminom ng alkohol (inuming nakalalasing) nang di bababa sa 6 na buwan.**

**Pagbubuntis at hepatitis.** Kung may alinman sa nabanggit na mga palatandaan habang buntis, makipagkita sa isang health worker. Maaaring mabakunahan ka para maiwasan na mapasahan ng hepatitis B ang iyong sanggol.


# Iba Pang mga INP

**➜ Maaaring mapadali ng mga INP ang pagpasa ng HIV dahil maka-kadaan ang HIV sa mga bukas na sugat o makakasama sa discharge.**





**HIV/AIDS**

**➜ Kung nagkaroon na ng ilan sa mga palatandaang ito ang iyong partner, huwag makipagtalik hangga't hindi siya lubusang magaling. Magtanong sa isang health worker kung puwede kang mag-pabakuna.**




**kanser**




**bakuna para sa hepatitis B**

## Paano Bubuti ang Pakiramdam

Para **mapagaling** mula sa INP, kailangan mo ang mga gamot na nailarawan sa kabanatang ito. Para naman **guminhawa** ang pakiramdam mula sa mga palatandaang dulot ng INP:

1. Kung may pagsusugat o pangangati sa ari, umupo sa batya na may malinis at maligamgam na tubig sa loob ng 15 minuto, 2 beses sa isang araw. Gawin ito hanggang umige ang pakiramdam. Kung sa tingin mo ay may impeksyon ka mula sa yeast, puwedeng dagdagan ng katas ng kalamansi, suka, yogurt (na walang asukal) o maasim na gatas ang maligamgam na tubig.





2. Huwag makipagtalik hangga't hindi bumubuti ang pakiramdam.
3. Sikaping magsuot ng panloob na damit na yari sa cotton. Hinahayaan nitong mahanginan ang ari na nakakatulong sa paghilom.



4. Labhan ang mga panloob na damit minsan isang araw at ibilad sa araw. Pinapatay nito ang mga mikrobyo na sanhi ng impeksyon.
5. Gumamit ng banayad na gamot para sa pananakit.
6. Kung may sugat o ulser sa ari at masakit kung umihi, magbuhos ng malinis na tubig sa ari habang umiihi. O umupo sa batya ng malamig-lamig na tubig habang umiihi.

482 gamot para sa pananakit

## PAANO MAIWASAN ANG MGA INP

- Ugaliin ang mas ligtas na pagtatalik (tingnan ang kabanata sa "Sekswal na Kalusugan").
- Mag-condom tuwing makikipagtalik. Para matuto kung paano hikayatin ang partner mo na mag-condom, tingnan ang pahina 192.




Isa lang ang gamitin kung magtatalik—huwag pagsabayin.

- Kung ayaw mag-condom ng partner mo, maaring gumamit ka ng diaphragm, na may kaunting proteksyon laban sa INP.
- Hugasan ang labas ng ari pagkatapos makipagtalik.
- Umihi matapos makipagtalik.
- Huwag banlawan ng tubig (douching) o hugasan ng sabon ang loob ng puwerta, o gumamit ng halaman o powder para patuyuin ang puwerta. Sumisira ito sa natural na pamamasa na nagpapanatili sa kalusugan ng puwerta. Kapag tuyo ang puwerta, maaari itong mairita habang nakikipagtalik, kaya nagiging mas madali na maimpeksyon ng HIV at iba pang INP.
- Puwedeng mag-oral sex (ari sa bibig) o iba pang sekswal na paghipo sa halip na ipasok ang titi sa puwerta.





***Ang latex na condom ay:***

- makakaprotekta sa iyo mula sa INP, kasama na ang HIV/AIDS.
- makakaprotekta sa kalusugan ng iyong partner.
- makakapigil sa di gustong pagbubuntis.

Huwag makipagtalik kung ikaw o ang partner mo ay may palatandaan ng INP.

# Pagkilos para sa Pagbabago

**Kung maiiwasan ang INP, mapoprotektahan kayong magpartner mula sa mga malalang sakit at pagkabaog.**





**pagtatalik na tuyo ang ari**

## PAGKILOS PARA SA MAS LIGTAS NA PAGTATALIK SA KOMUNIDAD

Isang problemang pangkalusugan para sa buong komunidad ang mga INP. Para makatulong na iwasan ang mga INP sa komunidad, maaaring:

- magturo sa kalalakihan at kababaihan tungkol sa mga panganib sa kalusugan nila at ng pamilya mula sa mga INP. Tiyempuhan ang pagtitipon ng mga babae, halimbawa sa palengke o habang naghihintay sa health center, para magpaliwanag kung paano naipapasa ang mga INP, at paano ito maiiwasan.
- makipagtulungan sa iba na maghanap ng pangkumbinse sa mga lalaki na mag-condom. Mag-ensayo sa grupo kung ano ang sasabihin sa kapartner para mag-condom siya


192
negosasyon para sa mas ligtas na pagtatalik


Maipapaliwanag mo kung ano ang condom at maeensayo ang pagsuot nito sa pamamagitan ng saging.




- gawing abot-kamay ang latex na condom sa inyong komunidad. Sikaping magkaroon ng libre o murang condom sa mga lokal na tindahan, bar at kainan, health worker at health center.
- magsanay ng mga lalaki na makakapagturo sa ibang lalaki sa komunidad tungkol sa condom.
- mag-organisa ng grupo sa komunidad para pag-usapan ang mga problema sa kalusugan, kasama na ang mga INP, HIV at AIDS. Ipaliwanag na makakatulong din ang pag-iwas sa INP para mapigilan ang pagkalat ng HIV at AIDS.
- suportahan ang edukasyon tungkol sa seks sa inyong mga lokal na paaralan. Tulungang maintindihan ng mga magulang na sa pagtuturo sa mga bata tungkol sa INP, kasama na ang HIV/AIDS, magagabayan sila na gumawa ng ligtas na desisyon sa hinaharap kapag magsimula na silang makipagtalik.
- hikayatin ang mga kabataan na magturo sa kanilang kaibigan tungkol sa INP, kasama na ang HIV/AIDS.

Pagkatapos makipag-usap ng isang health worker sa grupo ng kababaihan sa komunidad tungkol sa mga INP at AIDS, nagsimula kaming magkuwentuhan tungkol sa aming buhay. Sa simula, nagsabi ang ilang babae na wala raw silang dapat alalahanin. Pero habang humahaba ang usapan, mas nakikita naming dapat mag-isip-isip ang bawat babae at lalaki tungkol sa INP at AIDS. Pinag-isipan namin kung paano mapapagamit ng condom ang mga lalaki, at nagpasya kami na kailangang ituro sa buong komunidad ang panganib ng INP at AIDS, at kung paano ito maiiwasan. Nagbuo kami ng dula at kumuha ng mga tao sa komunidad para umarte. Gumawa kami ng ispesyal na tauhan— si "Kumander Condom"— na sasagip sa pamamagitan ng condom. Lahat ay pumunta para manood. Natuwa ang mga tao at natuto rin. Ngayon, nagbibiruan ang mga lalaki tungkol kay "Kumander Condom," pero mas bukas na rin sila sa paggamit nito.



**— Oaxaca, Mexico**

**Para sa health worker:**

- Alamin mula sa inyong lokal na health center, ospital o Kagawaran ng Kalusugan kung anong gamot ang pinakamabisang panlunas sa INP sa inyong komunidad.
- Sikaping magtayo ng botika sa komunidad para mas madaling makakuha ang mga tao ng gamot, latex na condom at spermicides.
- Makipag-usap sa mga taong natitingnan mo na may INP. Bigyan sila ng mahusay na impormasyon kung paano ito gagamutin, paano iiwasan na makahawa sa iba, at paano iiwasan na maimpeksyon muli. Tiyaking magamot din ang kapartner nila.
- Isama ang impormasyon hinggil sa pag-iwas sa mga INP at HIV/AIDS sa mga programa sa pagpaplano ng pamilya.
- Huwag husgahan o sisihin ang mga hihingi sa iyo ng tulong para sa INP.
- Igalang ang privacy (o karapatang sarilinin ang impormasyon) ng mga taong may INP o iba pang problema sa kalusugan. Huwag na huwag ikuwento ang problema nila sa iba.

**Tingnan ang kabanata hinggil sa "Kalusugang Sekswal," pahina 181, para sa impormasyon tungkol sa:**

- kasarian (sex) at mga papel batay sa gender (gender roles)
- nakakapahamak na paniniwala tungkol sa sekswalidad ng kababaihan
- paano magkaroon ng mas ligtas na pakikipagtalik
- paano makadama ng kasiyahan mula sa pagtatalik

Tingnan din ang kabanata sa mga babaeng nasa prostitusyon, p. 340.